

# Si Jesucristo ay Buhay



**Ni Pangulong Henry B. Eyring**
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang panahong ito ng taon ay tumutulong sa atin na maalaala ang sakripisyo ng Tagapagligtas at ang Kanyang pagbangon mula sa libingan.

Minsan ay naroon akong nakatayo kasama ang aking asawa sa labas ng isang libingan sa Jerusalem. Sa loob, nakakita kami ng isang batong upuan sa may dingding.

Pero isa pang larawan ang pumasok sa aking isipan. Naisip ko si Maria sa libingang walang-laman. Umiiyak siya dahil namatay ang Tagapagligtas. Hindi niya alam kung nasaan ang Kanyang katawan.

Pagkatapos "siya'y lumingon, at nakitang nakatayo si Jesus, [at] hindi niya alam na iyon ay si Jesus" (Juan 20:14). Inakala ni Maria na Siya ang hardinero.

"Sinabi sa kaniya ni Jesus, Maria" (Juan 20:16). Ngayo'y kilala na Siya ni Maria. Alam ni Maria na Siya ay nabuhay na mag-uli.


Dahil nadaig ni Jesucristo ang kamatayan, lahat ng mga anak ng Ama sa Langit ay mabubuhay na mag-uli sa isang katawang hindi na mamamatay.

Nagpapasalamat ako sa ating Ama sa Langit sa pagkakaloob sa Kanyang Pinakamamahal na Anak. Nagpapasalamat akong malaman na Siya ay nagbayad-sala para sa ating mga kasalanan at nagbangon sa Pagkabuhay na Mag-uli. Pinatototohanan ko na si Jesus ang nagbangong Cristo, ang ating Tagapagligtas, at ang ating perpektong halimbawa. ●

Hango mula sa "Mapasainyo ang Kanyang Espiritu," *Liahona,* Mayo 2018, 86–89; at "Siya ay Nagbangon," *Liahona,* Abr. 2013, 4–5.

MGA LARAWANG-GUHIT NI ALYSSA TALLENT




## Easter Story Wheel

Gupitin ang mga bilog at ilagay ang unang bilog sa ibabaw ng isa pang bilog. Butasan ito sa gitna at lagyan ito ng pin o metal brad para hindi gumalaw. Pagkatapos ay paikutin ang bilog na nasa pinakaitaas para ikuwento ang Pasko ng Pagkabuhay.